Mensahe Anim

# Si Kristo bilang Ating Sabbath na Kapahingahan, Isinagisag ng Mabuting Lupain ng Canaan

Babasahin sa Kasulatan: Heb. 3:7—4:13

**I. Kung magkakaroon tayo ng wastong pag-unawa sa Sabbath na kapahingahan sa Hebreo, kailangan nating malaman ang kahalagahan ng unang pagbanggit ng Sabbath na kapahingahan sa Biblia—Gen. 2:2-3:**

A. Nagpahinga ang Diyos sa ikapitong araw sapagkat natapos na Niya ang Kanyang gawain at *Siya ay* nasiyahan; nakita ang kaluwalhatian ng Diyos sapagkat taglay ng tao ang Kanyang larawan, at ang Kanyang awtoridad kalakip ang Kanyang kapamahalaan ay malapit nang gamitin para sa pagsupil sa Kanyang kaaway—1:26.

B. Kapag may sitwasyon sa lupa na inihahayag ng tao ang Diyos at ikinakatawan ang Diyos, ang sitwasyong iyon ay isang Sabbath na kapahingahan sa Diyos; ang Sabbath na kapahingahan ay simpleng ang kasiyahan ng Diyos sa naisin ng Kanyang puso—bb. 26-28; Heb. 2:6-8a.

C. Ang ikapitong araw ng Diyos ay ang unang araw ng tao; pagkatapos likhain ang tao, hindi siya sumama sa gawain ng Diyos, kundi pumasok siya sa kapahingahan ng Diyos; nilikha ang tao hindi para gumawa kundi para masiyahan sa Diyos at magpahinga kasama ang Diyos—cf. Mat. 11:28-30.

D. Ang Sabbath ay sumasagisag na ginawa na ng Diyos ang lahat-lahat, kinumpleto ang lahat-lahat, at inihanda ang lahat-lahat at yaong kailangang ihinto ng tao ang lahat ng kanyang paggawa; ang pagtupad sa Sabbath ay ang paghinto sa ating gawain at kunin ang Diyos at ang lahat ng Kanyang naisakatuparan para sa atin bilang ating pagtatamasa, kapahingahan, at kasiyahan; ito ang ekonomiya ng Diyos—Exo. 20:8.

E. Ang Bagong Herusalem ay magiging sukdulan at walang hanggang Sabbath na kapahingahan ng Diyos sapagkat doon ang lahat ng natubos na banal ay ganap na maghahayag ng kaluwalhatian ng Diyos at maghahari kalakip ang awtoridad ng Diyos magpasawalang-hanggan—Apoc. 21:10-11; 22:1, 4a, 5b.

**II. Ang Sabbath na kapahingahan ay si Kristo bilang ating kapahingahan, isinagisag ng mabuting lupain ng Canaan (Deut. 12:9; Heb. 3:7—4:13); si Kristo ay kapahingahan sa mga banal sa tatlong yugto:**

A. Sa kapanahunan ng ekklesia ang makalangit na Kristo, ang Isa na naghayag, kumatawan, at nagbigay-kasiyahan sa Diyos at nagpahinga sa Kanyang paggawa at umupo sa kanang kamay ng Diyos sa kalangitan, ay ang kapahingahan natin sa ating espiritu (Mat. 11:28-29); ang Sabbath na kapahingahan sa Hebreo 4:9 ay si Kristo bilang ating kapahingahan, na isinagisag ng mabuting lupain ng Canaan (Deut. 12:9; Heb. 4:8).

Mensahe Anim (pagpapatuloy)

B. Sa milenyal na kaharian, pagkatapos maalis si Satanas mula sa lupa (Apoc. 20:1-3), ang Diyos ay mahahayag, maikakatawan, mabibigyang-kasiyahan ni Kristo at ng mga nananaig na banal; sa gayon, si Kristo kalakip ang kaharian ay magiging kapahingahan sa mas lubos na paraan sa mga nananaig na banal, na magiging mga kasamang hari Niya (bb. 4, 6) at makababahagi at makapagtatamasa sa Kanyang kapahingahan.

C. Sa bagong langit at bagong lupa, pagkatapos ng lahat ng kaaway, kabilang ang kamatayan, ang huling kaaway, ay mapasailalim Niya (1 Cor. 15:24-27), si Kristo, bilang nagpapasuko ng lahat na Isa, ay magiging kapahingahan sa lubusang paraan sa lahat ng tinubos ng Diyos magpasawalang-hanggan.

D. Ang Sabbath na kapahingahang binanggit sa Hebreo 4:8-9 ay tumutukoy kay Kristo bilang ating kapahingahan sa unang dalawang yugto, at lalong-lalo na sa ikalawa—ang kapahingahang natitira na kailangan nating hangarin at pasukin nang buong sigasig:

1. Ang kapahingahan sa unang dalawang yugto ay isang gantimpala sa masisigasig na tagapaghanap ng Panginoon, na nagtatamasa sa Kanya sa lubusang paraan at nagiging mga mandaraig; ang kapahingahan sa ikatlong yugto ay hindi gantimpala kundi ang buong itinalagang bahagi sa lahat ng tinubos.
2. Sa ikalawang yugto ng Kanyang pagiging ating kapahingahan, aangkinin ni Kristo ang buong lupa bilang Kanyang mana, ginagawa itong Kanyang kaharian sa sanlibong taon—Awit 2:8; Heb. 2:5-6.
3. Sa ikalawang yugto ng pagiging kapahingahan ni Kristo sa atin, lahat ng Kanyang nananaig na mga mananampalataya na naghahanap sa Kanya at nagtatamasa sa Kanya bilang kanilang kapahingahan sa unang yugto ay lalahok sa Kanyang paghahari sa milenyum (Apoc. 20:4, 6; 2 Tim. 2:12); mamanahin nila ang lupa (Mat. 5:5; Awit 37:11; Luc. 19:17, 19), makikibahagi sila sa kagalakan ng ating Panginoon (Mat. 25:21, 23).

**III. Kailangan nating pakinggan ang salita ng Panginoon sa Mateo 11:28-30—"Pumarito sa Akin ang lahat ng nagpapagal at nabibigatan, at bibigyan Ko kayo ng kapahingahan. Pasanin ninyo ang Aking pamatok at matuto kayo sa Akin, sapagkat Ako ay maamo at may mapagkumbabang puso, at makasusumpong kayo ng kapahingahan para sa inyong mga kaluluwa. Sapagkat ang Aking pamatok ay kalugod-lugod at ang Aking pasanin ay magaan":**

A. Ang pagpapagal ay tumutukoy hindi lamang sa pagpapagal ng pagsisikap na tuparin ang mga utos ng kautusan at mga panrelihiyong regulasyon bagkus gayundin sa pagpapagal ng pagpupunyaging maging matagumpay sa anumang gawain; sinuman ang nagpapagal kung gayon ay palaging lubhang nabibigatan.

B. Ang kapahingahan ay tumutukoy hindi lamang sa pagiging napalaya mula sa pagpapapagal at pasanin sa ilalim ng kautusan o relihiyon o sa ilalim ng anumang gawain o responsabilidad, bagkus ay mapasa sakdal na kapayapaan at lubos na kasiyahan din.
C. Ang pasanin ang pamatok ng Panginoon ay ang kunin ang kalooban ng Ama; hindi ito ang maregulahan o makontrol ng anumang obligasyon ng kautusan o relihiyon o maging alipin ng anumang gawain, kundi ang mapilit ng kalooban ng Ama.
D. Ang Panginoon ay namuhay ng gayong buhay, hindi pinahahalagahan ang anumang bagay kundi ang kalooban ng Kanyang Ama (Juan 4:34; 5:30; 6:38; Isa. 42:4a; cf. 53:2; 11:1-4a); ganap Niyang isinuko ang Kanyang sarili sa kalooban ng Ama (Mat. 26:39, 42); kaya, hinihiling Niya sa atin na matuto sa Kanya (Efe. 4:20-21).
E. Ang maging maamo, o mahinahon, ay nangangahulugang hindi labanan ang pagsalungat, at ang maging mapagkumbaba ay nangangahulugang hindi magkaroon ng mataas na pagtingin sa sarili; isinuko Niya nang lubusan ang Kanyang sarili sa kalooban ng Kanyang Ama, hindi nagnanais na gumawa ng anuman para sa Kanyang sarili o umaasang may matamo para sa Kanyang sarili; kaya, anuman ang sitwasyon ay mayroon Siyang kapahingahan sa Kanyang puso; lubusan Siyang nasiyahan sa kalooban ng Ama.
F. Ang kapahingahan na ating nasusumpungan sa pamamagitan ng pagpasan sa pamatok ng Panginoon at pagkatuto sa Kanya ay para sa ating mga kaluluwa; ito ay isang panloob na kapahingahan at hindi anumang bagay na panlabas lamang sa kalikasan.
G. Ang pamatok ng Panginoon ay ang kalooban ng Ama, at ang Kanyang pasanin ay ang gawain ng pagsasagawa ng kalooban ng Ama; ang gayong pamatok ay madali, hindi mapait, at ang gayong pasanin ay magaan, hindi mabigat—cf. Mal. 3:14.
H. Ang pagiging magaan ng Kanyang pamatok ay nangangahulugang ang Kanyang pamatok, ang kalooban ng Ama, ay mainam, mabuti, katamtaman, magaan, at kalugod-lugod—salungat sa mahirap, malupit, matindi, at mapait.

**IV. Inihahayag ng Exodo 31:12-17 na ang Sabbath ay kasunod ng pag-aatas sa pagtatayo ng tabernakulo:**

A. "Inyong ipangingilin ang Aking mga Sabbath, sapagkat ito'y <u>isang tanda</u> sa Akin at sa inyo sa buong panahon ng inyong mga salinlahi, upang inyong makilala na Akong Panginoon ang nagpapabanal sa inyo…Kaya't ang mga anak ni Israel ay mangingilin ng Sabbath, na iingatan ang Sabbath sa buong panahon ng kanilang mga salinlahi, bilang <u>isang palagiang tipan</u>. Ito'y isang tanda sa Akin at sa mga anak ni Israel magpakailanman na sa loob ng anim na araw ay ginawa ng Panginoon ang langit at lupa, at sa ikapitong araw Siya ay <u>nagpahinga at napanariwa</u>."—bb. 13, 16-17.

B. Sa ikapitong araw ang Diyos ay “nagpahinga at napanariwa”; ang tao ang pampanariwa ng Diyos sapagkat nilikha ang tao sa sariling larawan ng Diyos na may espiritu upang makapagsalamuha ang tao sa Diyos at maging kasama at kapareha ng Diyos.
C. Kailangan nating makita ang sumusunod na dibinong prinsipyo—nagtutustos muna ang Diyos sa atin sa pamamagitan ng pagtatamasa, at pagkatapos ay gumagawa tayong kasama Niya; upang maging kaisa ng Diyos sa Kanyang gawain, kailangan nating tamasahin Siya.
D. Sa Pentecostes ang mga disipulo ay punô ng pagtatamasa sa Panginoon—“sila ay punô ng bagong alak” (Gawa 2:13); pagkatapos ay tumayo si Pedro kasama ng labing-isa upang gumawang kasama ang Panginoon (b. 14).
E. Sa Diyos isa itong bagay ng paggawa at pagpapahinga; sa tao isa itong bagay ng pagpapahinga at paggawa; sa gayon, gumagawa tayong kasama ng Panginoon sa pamamagitan ng pagiging kaisa Niya.
F. Bilang bayan ng Diyos, dapat tayong magtaglay ng isang tanda na kailangan natin ang Diyos na maging ating kalakasan, enerhiya, at lahat-lahat upang may kakayahan tayong gumawang kasama Niya para sa pagtatayo ng ekklesia bilang Katawan ni Kristo; ito ang nagpaparangal at nagluluwalhati sa Kanya—1 Cor. 15:10, 58.
G. Ang tanda na taglay natin ay yaong tayo ay nagpapahinga sa Diyos, nagtatamasa sa Diyos, napananariwa ng Diyos, at napupuspos muna ng Diyos; pagkatapos ay gumagawa tayong kasama ng mismong Isa na nagpupuspos sa atin sa kaisahan sa Kanya; ito ay isang walang hanggang tipan, isang walang hanggang kasunduan, sa Diyos.

**V. Ang paraan ng pagtatamasa kay Kristo bilang mabuting lupain ay ang buháy at gumagawang salita ng Diyos yaon ay “mas matalas kaysa anumang tabak na may dalawang talim, at tumatagos maging hanggang sa paghihiwalay ng kaluluwa at espiritu at ng mga kasukasuan at utak ng buto, at may kakayahang kumilala ng mga iniisip at mga binabalak ng puso”—Heb. 4:12:**

A. Ang mga anak ni Israel ay isang sagisag natin, ang Bagong Tipang mga mananampalataya (1 Cor. 10:6a, 11), sa ating pakikilahok sa ganap na pagliligtas ng Diyos:
   1. Sa unang yugto ay natanggap natin si Kristo at natubos at naligtas mula sa sanlibutan, kung paano ang mga anak ni Israel ay iniligtas mula sa Ehipto.
   2. ikalawang yugto tayo ay naging mga taong pagala-gala sa pagsunod sa Panginoon, kung paanong ang mga anak ni Israel ay pagala-gala sa ilang; ang ating paggala ay palaging nagaganap sa ating kaluluwa.
   3. Sa ikatlong yugto ay nakikibahagi at nagtatamasa tayo kay Kristo sa isang ganap na paraan, kung paanong ang mga anak ni Israel ay nakibahagi at nagtamasa sa kayamanan ng mabuting lupain; ito ay nararanasan sa ating espiritu.

4. Ang mga mananampalatayang Hebreo ay nag-iisip nang nag-iisip sa kanilang kaisipan kung ano ang gagawin sa kanilang relihiyong Hebreo, at ang pag-iisip na ito sa kanilang kaisipan ay isang paggala sa kanilang kaluluwa, hindi isang karanasan kay Kristo sa kanilang espiritu.

B. Ang manunulat ng aklat ng Hebreo ay nagpayo sa mga mananampalatayang Hebreo na huwag magpaurong-sulong sa paggala sa kanilang kaluluwa kundi sumulong tungo sa kanilang espiritu upang makabahagi at magtamasa sa makalangit na Kristo:

1. Ang mismong Kristo na nakaupo sa trono sa langit (Roma 8:34) ay nasa loob din natin ngayon (b. 10), yaon ay, sa ating espiritu (2 Tim. 4:22), kung saan naroroon ang tahanan ng Diyos (Efe. 2:22).
2. Sa Bethel, the bahay ng Diyos, ang tahanan ng Diyos, na siyang pintuan ng langit, si Kristo ang hagdan na naghuhugpong ng lupa sa langit at nagdadala ng langit sa lupa (Gen. 28:12-17; Juan 1:51); yamang ngayon ang espiritu natin ay ang lugar ng tahanan ng Diyos, ito ngayon ang pintuan ng langit, kung saan si Kristo ay ang hagdang naghuhugpong sa atin, ang mga tao sa lupa, sa langit at nagdadala ng langit sa atin.
3. Kaya, sa tuwing bumabaling tayo sa ating espiritu, pumapasok tayo sa pintuan ng langit at hinihipo ang trono ng biyaya sa langit sa pamamagitan ni Kristo bilang makalangit na hagdan—Heb. 4:16.
4. Ang mga urong-sulong na mananampalatayang Hebreo ay nagpapagala-gala sa kanilang kaluluwa at napabayaan na ang kanilang espiritu, subalit ang bagong tipan ay lubusang isang bagay sa ating espiritu, hindi sa ating kaluluwa—Roma 8:16; 2 Tim. 4:22; Gal. 6:18.

C. Ang kaluluwa ng mga mananampalatayang Hebreo, kalakip ang nagtatanong nitong kaisipan, ang pagdududa nito hinggil sa paraan ng pagliligtas ng Diyos, at ang pagsasaalang-alang ng sarili nitong mga interes, ay kailangang mabasag sa pamamagitan ng buháy, gumagawa, at tumatagos na salita ng Diyos upang mahiwalay ang kanilang espiritu mula sa kanilang kaluluwa—Heb. 4:12:

1. Kung paanong ang utak ng buto ay malalim na nakatago sa mga kasukasuan, gayundin ang espiritu ay nasa kailaliman ng kaluluwa; kung paanong ang paghihiwalay ng utak ng buto mula sa mga kasukasuan ay pangunahing nangangailangan ng pagbabasag sa mga kasukasuan, ang paghihiwalay ng espiritu mula sa kaluluwa ay nangangailangan ng pagbabasag sa kaluluwa—1 Ped. 3:4.
2. Sa tuwing binabasa natin ang Biblia, kailangan itong maging buháy, nagpapalakas, at sapat na matalas upang paghiwalayin ang ating kaluluwa mula sa ating espiritu at malaman ang ating mga iniisip at mga intensiyon, naghahayag kung alin ang mula at para sa sarili at kung alin ang mula at para sa Diyos; kailangan nating ihalo ang salita sa pananampalataya sa pamamagitan ng lahat ng panalangin sa espiritu upang ito ay maging buháy at gumagawa—Heb. 4:2; Efe. 6:17-18.

Mensahe Anim (pagpapatuloy)

3. Ang buháy na salita ng Diyos ay dapat tumagos tungo sa ating katauhan at iligtas tayo mula sa ating nag-aalinlangang kaisipan at nagpapagala-galang kaluluwa tungo kay Kristo bilang Sabbath na kapahingahan sa ating espiritu; hindi tayo dapat maging yaong mga nag-uurong-sulong sa paggagala ng ating kaluluwa, kundi kailangan nating itatwa ang kaluluwa at sumulong tungo sa ating espiritu upang makabahagi at magtamasa sa makalangit na Kristo nang sa gayon ay makalahok tayo sa kapahingahan ng kaharian ng Kanyang paghahari sa milenyum.

*© 2023 Living Stream Ministry*